(Tagalog Version)

# Pangkalahatang-ideya sa Mga Serbisyo sa Kabataan, Paggamot sa Droga at Mga Serbisyo ng Rehabilitasyon at mga Serbisyo sa Pagpapaunlad ng Komunidad sa Hong Kong

## Direksyon ng Serbisyo

- Para tugunan ang magkakaiba at mga nagbabagong pangangailangan ng kabataan, nagsagawa kami ng **pangkalahatan at pinagsama-samang paraan** ng serbisyo.

- Sinusuportahan at sinusubaybayan ng Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan (Social Welfare Department) ang mga Non-governmental Organization para magsagawa ng malawak na saklaw ng mga **serbisyo para makaiwas, mapaunlad, at mapagaling** ang kabataan, tulungan silang magkaroon ng tamang pag-iisip, magkaroon ng responsibilidad, at maging mga nag-aambag na miyembro ng lipunan.

## A. Mga pangunahing Serbisyo sa Kabataan sa Hong Kong

Maagang Pagtukoy at Interbensiyon

***Mga Sentro ng Pinagsama-samang Serbisyo para sa mga Bata at Kabataan***

- Binuo ang mga Sentro ng Pinagsama-samang Serbisyo para sa mga Bata at Kabataan (Integrated Children and Youth Services Centres o ICYSCs) para magbigay ng serbisyo sa mga bata at kabataan na may edad 6 hanggang 24 na nasa magkakalapit-bahay. Ibinibigay sa pangkalahatang paraan ang mga serbisyo. Sa pamamagitan ng flexible na aplikasyon ng mga diskarte sa pamamagitan sa social work (kabilang ang gawaing pangkaso, gawaing panggrupo at gawaing pangkomunidad), na bumubuo ng madiskarteng ugnayan at ginagamit ang information technology (anuman ang naaangkop), iba't ibang programa kabilang ang paggabay at pagpapayo, mga pansuportang programa, mga programa sa pagpapaunlad at pakikihalubilo sa iba, pati na rin ang mga programa sa pakikilahok sa komunidad na ibinibigay ng mga ICYSC. Para sa listahan ng mga ICYSC, sumangguni sa website ng Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan sa www.swd.gov.hk.

***Serbisyo ng Social Work sa Paaralan***

- Ipinapatupad ang Serbisyo ng Social Work sa Paaralan alinsunod sa patakaran ng "**dalawang pampaaralang social worker kada paaralan**" sa mga paaralang sekondarya. Bawat paaralang sekondarya ay may dalawang full-time na

nakaistasyong social worker para tumukoy at tumulong sa mga nangangailangang mag-aaral sa mga problemang akademiko, panlipunan o emosyonal. Pumunta sa mga kaugnay na paaralan para sa mga pagtatanong.

***Programang Pangangalaga Pagkatapos ng Paaralan***

- Layunin ng Programang Pangangalaga Pagkatapos ng Paaralan (After School Care Programme o ASCP) na magbigay ng **mga pansuportang serbisyo sa mga mag-aaral ng paaralang elementarya (kabilang iyong mga na-diagnose na mga pangangailangan sa espesyal na edukasyon (special educational needs o SEN) o pinaghihinalaang may SEN na naghihintay ng medikal na pagsusuri), na mga residente ng Hong Kong.** Hindi makapagbigay ang kanilang mga magulang ng tamang pangangalaga sa kanila pagkatapos ng mga oras sa paaralan dahil sa trabaho, paghahanap ng trabaho, o iba pang dahilan. Kabilang sa mga serbisyo ang paggabay sa takdang-aralin, paggabay sa magulang at pag-aaral, pagkatuto ng kasanayan at mga panlipunang gawain. Para sa listahan ng mga sentro, sumangguni sa website ng Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan sa www.swd.gov.hk.

- Pinapatakbo ang mga Sentro ng ASCP batay sa **pagpopondo sa sarili at pagsingil ng bayarin**. Sa ilalim ng Scheme ng Subsidy na nagwi-waive ng Bayarin, nagbibigay ang SWD ng ganap na nagwi-waive ng bayarin, pagbabawas ng kalahati ng bayarin, o pagbabawas ng isang-katlong bayarin na mga subsidy para sa mga bata ng mga pamilyang may mababang kita para makadalo sa ASCP. Puwedeng direktang lumapit sa mga kaugnay na sentro ang mga nangangailangan at karapat-dapat na pamilya para gumawa ng mga aplikasyon.

- Para patatagin ang suporta sa mga magulang na nagtatrabaho ng mas matagal/iregular na oras, kapag katapusan ng linggo, o iyong mga gustong makapagtrabaho, simula Disyembre 2014, nagpatupad ang SWD ng Pinahusay na ASCP sa pamamagitan ng pagpapalawak ng mga oras ng serbisyo sa gabi ng mga araw ng linggo, Sabado, Linggo at mga araw na walang pasok sa paaralan sa ilang sentro ng ASCP at pagbibigay ng mga karagdagang quota para sa pagwi-waive/pagbabawas ng bayarin.

Napapanahong Suporta

***Serbisyo ng Social Work para sa Pagsuporta sa Kabataan ng Distrito***

- Ibinibigay ang mga Team ng Social Work para sa Pagsuporta sa Kabataan ng Distrito batay sa laki ng teritoryo para **suportahan at bigyan ng pagpapayo at paggabay** ang

kabataang edad 6 hanggang 24 na karaniwang hindi lumalahok sa mga pangkaraniwang gawaing panlipunan o pangkabataan at madaling maakit sa mga hindi kaaya-ayang impluwensiya.Epektibo ang serbisyo sa pagtugon sa mga pangangailangan ng kabataang may mataas na panganib at pagtalakay sa mga problema ng kabataang grupo. Para sa listahan ng mga team, sumangguni sa website ng Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan sa www.swd.gov.hk.

***Serbisyo sa Pangmagdamagang Pagsuporta sa Kabataang Palaboy sa Gabi***

- Ibinibigay ang Serbisyo sa Pangmagdamagang Pagsuporta sa Kabataang Palaboy sa Gabi batay sa laki ng teritoryo para suportahan ang **kabataang may mataas na panganib na palaboy sa gabi** na lantad sa posibleng moral na panganib. Para sa listahan ng mga team, sumangguni sa website ng Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan sa www.swd.gov.hk.

***Mga Team ng Cyber na Suporta sa Kabataan***

- Nagbibigay ang Mga Team ng Cyber na Suporta sa Kabataan ng propesyonal na pamamagitan ng social work para **sa kabataang nasa panganib at nakatago** kabilang ang online at offline na pagpapayo at mga serbisyo ng grupo/programa. Bubuo sila ng pakikipagtulungan sa iba pang kasapi ng komunidad at mga organisasyon para bumuo ng pagtutulungan sa lahat ng sektor para tugunan ang mga pangangailangan ng kabataang nasa panganib at nakatago. Para sa listahan ng mga team, sumangguni sa website ng Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan sa www.swd.gov.hk.

***Serbisyo ng Hotline para sa Kabataang nasa Panganib***

- Ang serbisyo ng hotline na pinapatakbo ng Kalipunan ng mga Grupo ng Kabataan ng Hong Kong (Hong Kong Federation of Youth Groups)**(2777 8899)** ay nagbibigay ng kagyat na pagpapayo sa kabataang nasa panganib na humaharap sa krisis sa pamamagitan ng **pakikipag-ugnayan sa telepono.**. Kabilang sa mga serbisyong ibinibigay sa mga tumatawag ang paggabay at pagpapayo sa telepono, personal na pagpapayo para sa kagyat na interbensiyon at pagsangguni sa iba pang angkop na yunit ng serbisyo.

***Scheme ng Suporta sa Distrito para sa Pagpapaunlad ng mga Bata at Kabataan***

- Ang mga tinatarget ng Scheme ay mga bata at kabataan na may edad na 24 o mas bata pa na may pangangailangang pinansyal o hindi magandang kalagayan sa mga distrito.

Ang mga mapagkukunan ay ibinabahagi bilang **direktang tulong na pera** para suportahan ang mga gastusin sa mga indibidwal na item para sa mga bata at kabataan para tugunan ang kanilang mga pangangailangan sa pagpapaunlad. Puwedeng lumapit ang mga nangangailangang kustomer na nakakatanggap ng mga serbisyo ng gawaing pangkaso sa mga social worker na may responsibilidad sa kanila para sa mga detalye.

Pag-akay sa Kabataan pabalik sa Tamang Landas

***Scheme ng Serbisyo para sa Suporta ng Komunidad***

- Layunin ng Scheme ng Serbisyo para sa Suporta ng Komunidad (Community Support Service Scheme o CSSS) na magbigay ng mga pansuportang serbisyo sa mga bata at kabataan na iniingatan sa ilalim ng Scheme sa Pag-iingat ng Superintendent ng Pulisya, ang naarestong kabataan at kanilang mga kasama para tulungan silang muling makihalubilo sa komunidad, alisin ang kanilang hindi normal at labag sa batas na pag-uugali at bawasan ang posibilidad na lumabag sila sa batas. Kabilang sa mga serbisyo ang indibidwal at pampamilyang pagpapayo, mga therapeutic na grupo, pagsasanay ng kasanayan/mga grupo sa pag-aaral, mga serbisyo sa komunidad, mga programa sa pag-iwas sa krimen, atbp. Para sa mas mabuting synergy ng serbisyo, bawat team ng CSSS ay nakaugnay sa isang Sentro ng Pinagsama-samang Serbisyo para sa mga Bata at Kabataan. Para sa listahan ng mga team, sumangguni sa website ng Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan sa www.swd.gov.hk.

## B. Paggamot sa Droga at mga Serbisyo ng Rehabilitasyon

***Sentro ng Pagpapayo para sa mga Psychotropic na Gumagamit ng Ipinagbabawal na Gamot***

- Layunin ng Sentro ng Pagpapayo para sa mga Psychotropic na Gumagamit ng Ipinagbabawal na Gamot na magbigay ng pagpapayo at tulong sa **mga palagi/paminsan-minsan/potenyal na psychotropic na gumagamit ng ipinagbabawal na gamot at sa kabataang nasa panganib** na may pananaw na tulungan silang iwasan ang psychotropic na paggamit ng ipinagbabawal na gamot at bumuo ng malusog na paraan ng pamumuhay. Kabilang sa mga serbisyo ang (i) pangkaso at panggrupong pagpapayo para sa mga psychotropic na gumagamit ng ipinagbabawal na gamot at kanilang mga kapamilya; (2) serbisyo ng suporta sa kasamahan; (iii) regular na programa sa edukasyon para makaiwas para sa mga mag-aaral ng mga paaralang sekondarya, mga institusyon pagkatapos ng sekondarya, at mga organisasyon sa bokasyonal na pagasanay, at ang pangkalahatang publiko sa antas

ng komunidad; (iv) propesyonal na pagsasanay para sa mga kaugnay na propesyonal; at (v) serbisyo ng medikal na suporta sa site para sa mga taong nangangailangan para maagang matukoy at makumbinsi silang kumuha ng maagang paggamot at mga serbisyo ng rehabilitasyon. Para sa listahan ng mga sentro, sumangguni sa website ng Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan sa www.swd.gov.hk.

***Mga Sentro sa Paggamot ng Droga at Rehabilitasyon sa Bahay at mga Halfway-House***

- Nagbibigay ng serbisyo ang mga Sentro ng Paggamot sa Droga at Rehabilitasyon sa Bahay at mga Halfway-House sa mga gumagamit ng ipinagbabawal na gamit na gustong **kumuha ng boluntaryong paggamot sa droga sa bahay, rehabilitasyon at pakikihalubilo sa lipunan**. Sa tuloy-tuloy na mga serbisyo at pagbibigay ng pangangalaga, layunin nitong tulungan ang mga gumagamit ng ipinagbabawal na gamot na talikuran na ang paggamit ng droga, magkaroon ng positibong pagbabago sa pag-uugali, makabuo ng bagong direksyon sa buhay, at muling makihalubilo sa komunidad. Para sa listahan ng mga sumusuportang sentro, sumangguni sa website ng Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan sa www.swd.gov.hk.

***Sentro para sa Pagpapayo kaugnay ng Droga***

- Layunin ng Sentro para sa Pagpapayo kaugnay ng Droga na tulungan **ang mga gumagamit ng ipinagbabawal na gamot** na umiwas sa paggamit ng droga, tulungan **ang mga dating gumagamit ng ipinagbabawal na gamot** para mapanatili ang pag-iwas, at tulungan **ang mga kapamilya ng gumagamit at dating gumagamit ng ipinagbabawal na gamot** na harapin ang mga problema na dulot ng paggamit ng droga. Kabilang sa mga serbisyo ang indibidwal at panggrupong pagpapayo; (ii) mga panggrupong gawain; (iii) serbisyo ng suporta sa kasamahan; (iv) mga serbisyo sa edukasyon para makaiwas para sa iba't ibang target na grupo; at (v) serbisyo ng medikal na suporta sa site para maagang matukoy at makumbinsi ang mga gumagamit ng ipinagbabawal na gamot na kumuha ng maagang paggamot at mga serbisyo ng rehabilitasyon. Para sa listahan ng mga sentro, sumangguni sa website ng Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan sa www.swd.gov.hk.

## C. Mga Serbisyo sa Pagpapaunlad ng Komunidad

***Sentro ng Komunidad***

- Ang Sentro ng Komunidad ang **pinakasentro ng lahat ng grupo batay sa edad** sa isang lokalidad na nagsusulong ng mga panlipunang ugnayan at suporta sa isa't isa, bumubuo ng pakiramdam na pagtitiwala sa sarili, panlipunang responsibilidad at pagkakaisa sa loob ng komunidad; at nagbibigay ng kakayahan sa mga indibidwal at pamilya na lutasin ang mga problema ng komunidad at mapahusay ang kalidad ng buhay sa komunidad. Para sa listahan ng mga sentro, sumangguni sa website ng Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan sa www.swd.gov.hk.

***Proyektong Pagpapaunlad ng Komunidad sa Antas ng Magkakalapit-bahay (Neighbourhood Level Community Development Project o NLCDP)***

- Nagbibigay ng serbisyo ang Proyektong Pagpapaunlad ng Komunidad sa Antas ng Magkakalapit-bahay (Neighbourhood Level Community Development Project o NLCDP) sa **mga pinagkaitan at pansamantalang komunidad** kung saan hindi sapat o walang ibinibigay na mga serbisyo at pasilidad para sa kapakanan. Inaasahang mawawala na ang serbisyo ng NLCDP dahil sa pagbibigay ng mas maraming serbisyong nakabatay sa komunidad para paglingkuran ang mahihinang grupo sa komunidad at mga programa sa pagbibigay ng mabilis na pagpapaalis ng mga lugar na may pansamantalang pabahay, mga lugar ng iskuwater, at mga estado para sa pampublikong pabahay, atbp. Para sa listahan ng mga team, sumangguni sa website ng Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan sa www.swd.gov.hk.

***Networking Team ng Pangangalaga at Suporta (Care and Support Networking Team o CSNT)***

- Layunin ng Networking Team ng Pangangalaga at Suporta na pangunahing tulungan ang **mga dating nagkasala, dating may sakit sa pag-iisip at mga taong kalye sa Kanlurang Kowloon** para muling makihalubilo sa komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga serbisyong pagtulong, pansuporta, gawaing pangkaso, at gawaing panggrupo. Para sa listahan ng mga team, sumangguni sa website ng Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan sa www.swd.gov.hk.

Seksyon ng Kabataan
Sangay ng Kabataan at Pagtatama
Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan
Marso 2021